# Nakakamangha ang gawain na isang mananampalataya;Ang lahat ng kanyang gawain ay may kabutihan,at hindi ito makatatagpuan maliban sa mananampalataya: Kapag dumating sa kanya ang kaligayahan,siya ay magpapasalamat [kay Allah] at ito ang mabuti para sa kanya,At kapag dumating sa kanya ang pinsala,Siya ay magtitiis,at ito ang mabuti para sa kanya

Ayon kay Suhayb bin Sinan Ar-Rumi-malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu:((Nakakamangha ang gawain na isang mananampalataya;Ang lahat ng kanyang gawain ay may kabutihan,at hindi ito makatatagpuan maliban sa mananampalataya: Kapag dumating sa kanya ang kaligayahan,siya ay magpapasalamat [kay Allah] at ito ang mabuti para sa kanya,At kapag dumating sa kanya ang pinsala,Siya ay magtitiis,at ito ang mabuti para sa kanya))

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ipinahayag ng Sugo ni Allah-sumakanya ang pagpapala at pangangalaga-Ang pagkamangha sa pamamaraan ng kabutihan dahil sa gawain ng mananampalataya.Dahil sa kanyang kalagayan at pagbabago [ng ikot ] ng mundo sa kanya,hindi siya lumalabas sa [paggawa ng] kabutihan, at tagumpay,At ang mga kabutihang ito ay hindi matatagpuan sa sinuman, maliban sa mga mananampalataya,Pagkatapos ay sinabi niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Na ang isang mananampalataya sa lahat ng kalagayan na itinakda ni Allah-para sa kanya ay mabuti,Kapag dumating sa kanya ang pinsala,magtitiis siya sa itinakda ni Allah,at hihintayin niya ang kaginhawaan mula kay Allah,at maghahangad siya ng gantimpala kay Allah,at ito ang mabuti para sa kanya.At kapag dumating sa kanya ang kaligayahan mula sa mga makamundong biyaya;tulad ng kaalaman at mga mabuting gawa,at sa mga makamundong biyaya;tulad ng kayamanan ,mga anak,at pamilya;Magpapasalamat siya kay Allah,sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pananampalataya para kay Allah-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan,Magpapasalamat siya kay Allah at ito ang mabuti para sa kanya.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee